FAQ

Pagtulong sa Mga Pamilya na Kasama ang mga Imigrante na Mag-aplay para sa Saklaw sa Kalusugan (Health Coverage)

Ang mga pamilyang may mga imigrante ay maaaring makaranas ng mga hadlang kapag nag-aaplay para sa saklaw sa kalusugan. Ang sumusunod na FAQ ay nagpapaliwanag ng mga isyu na maaaring harapin ng mga pamilya at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang mga alalahanin ng mga pamilya na kinabibilangan ng mga imigrante kapag kinukumpleto ang proseso ng aplikasyon. Para sa karagdagang impormasyon sa pagiging karapat-dapat sa imigrante, mangyaring tingnan ang FAQ: Pagiging Karapat-dapat sa Mga Programa ng Abot-Kayang Seguro sa Kalusugan Batay sa Katayuan ng Imigrasyon.

BAHAGI I:
Mga patakaran sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid, ang Children's Health Insurance Program (CHIP), at ang mga pang-pederal at pang-estadong pamilihan ng ACA na nakakaapekto sa mga imigrante

1 Magkakaroon ba ng negatibong epekto sa mga imigrante ang pagpapatala sa mga programa ng abot-kayang seguro kapag nag-aplay sila upang baguhin ang kanilang katayuan sa imigrasyon?

Hindi. Kapag nag-aplay ang mga indibidwal para sa katayuan na Lawful Permanent Resident (LPR o green card), kinukumpleto ng mga opisyal ng imigrasyon ang isang pagtatasa – karaniwang tinutukoy bilang public charge—na sinusubukang tukuyin kung ang katayuan sa imigrason ng aplikante ay malamang na umasa sa gobyerno para mabuhay. Ang pagpapatala sa Medicaid, CHIP, o subsidized na pagsasaklaw sa mga pamilihan ng Affordable Care Act (ACA) ay hindi makakaapekto sa taong sumasailalim sa public charge na pagtatasa. May pagbubukod: ang mga taong tumatanggap ng institusyonal na pangmatagalang pangangalaga na binayaran ng Medicaid ay negatibong isasaalang-alang sa pagtatasa ng public charge, ngunit hindi lamang ito ang salik na isasaalang-alang. Opisyal na dapat isaalang-alang ng imigrasyon ang iba pang mga salik at ang ilan sa mga salik na iyon ay maaaring mag-counterbalance sa isang negatibong salik na ito.

2 Maaari bang mag-aplay ang mga tao para sa pagsasaklaw sa kalusugan para sa ibang miyembro ng sambahayan kahit na hindi sila nag-a-aplay para sa pagsasaklaw para sa kanilang sarili (o hindi karapat-dapat)?

Oo, maaaring kabilang ang parehong mga aplikante at hindi mga aplikante ng mga sambahayan ng mga taong nag-a-aplay para sa mga programa ng abot-kayang seguro. Sa panahon ng pagproseso ng aplikasyon, ang taong kumukumpleto ng aplikasyon ay magsasaad kung sino ang nasa sambahayan at kung sinong mga miyembro ng sambahayan ang nag-aaplay para sa pagsasaklaw. Ang mga hindi aplikante ay dapat maglakip ng impormasyon katulad ng kanilang kita at mga plano para sa paghahain ng buwis, ngunit hindi sila

kinakailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan.

3

Ang pagkakaroon ba ng numero ng Social Security (SSN) ay kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa mga programa ng abot-kayang seguro?

Para sa Medicaid at CHIP, ang mga indibidwal na naghahanap ng pagsasaklaw para sa kanilang sarili ay karaniwang kinakailangang magbigay ng kanilang mga SSN kung sila ay karapat-dapat para sa isa (maliban kung mayroon silang pang-relihiyong pagtutol sa pagkuha ng SSN). Kung sila ay karapat-dapat nito ngunit walang SSN, dapat silang mag-aplay ng SSN at ang ahensya ng Medicaid o CHIP ay dapat mag-alok ng tulong sa kanilang pag-aplay. Hindi sila maaaring tanggihan ng pagsasaklaw habang pinoproseso ang kanilang SSN na aplikasyon.

Ang mga indibidwal na naghahangad magpatala sa isang plano ng ACA sa pamilihan para sa kanilang sarili ay dapat magbigay ng SSN kung mayroon sila nito.

4

Kinakailangan ba ang SSN kung ang indibidwal ay nag-a-aplay para sa mga premium na kredito sa buwis (premium tax credit) para sa isang miyembro ng pamilya at hindi para sa kanyang sarili?

Ang mga indibidwal na nag-a-aplay para sa mga premium na kredito sa buwis para sa kanilang mga dependent o asawa at hindi para sa kanilang sarili ay kailangan lamang magbigay ng kanilang SSN kung: (1) mayroon silang SSN, at (2) nag-file sila ng buwis para sa taon kung saan gagamitin ang datos ng buwis upang beripikahin ang kita ng kanilang sambahayan at laki ng pamilya. Ang pagbibigay ng SSN ng mga hindi aplikante na mayroon nito ay lubos na hinihikayat. Gumagamit ang mga ACA na pamilihan ng mga SSN upang magsagawa ng mga pagtutugma ng datos sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunan ng datos tulad ng Social Security Administration (SSA) at Internal Revenue Service (IRS). Kapag matagumpay na naberipika ang mga pangunahing impormasyon katulad ng kita, maaaring hindi na kailangang magsumite ng mga tao ng patunay ng kanilang mga kalagayan.

5

Kailangan bang magbigay ng SSN ang isang magulang na nag-a-aplay para sa Medicaid o CHIP na pagsasaklaw para sa kanyang anak ngunit hindi para sa kanyang sarili?

Ang mga magulang na nag-a-aplay para sa Medicaid o CHIP para sa kanilang mga anak ay hindi kailangang magbigay ng SSN. Kung mayroon sila at pinipiling ibigay ito, maaaring makatulong ito sa ahensya ng Medicaid na elektronikong maberipika ang kita para sa pamilya, ngunit hindi ito kinakailangan.

6

Maaari bang gamitin ng isang taong ang kanyang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) para maghain ng mga buwis sa halip ng kanyang SSN sa aplikasyon?

Hindi. Ang mga ITIN ay hindi katulad ng mga SSN. Beberipikahin ng aplikasyon ang mga SSN sa Social Security Administration, na hindi makakapagberipika ng mga ITIN. Ang taong gumagamit ng ITIN upang maghain ng mga buwis ay hindi kinakailangang magbigay ng SSN sa aplikasyon at dapat laktawan ang tanong sa aplikasyon. (Ang aplikasyon ay gagawa ng

maraming kahilingan para sa SSN. Dapat itong laktawan ng tao sa bawat pagkakataon.)

7 **Maaari bang isama ng isang tao sa kanyang aplikasyon ang isang umaasa sa buwis na nakatira sa ibang bansa?**

Ang mga aplikante para sa subsidyo ng ACA na mga pamilihan ay dapat magsama ng impormasyon sa lahat ng miyembro ng sambahayan, kabilang ang sinumang umaasa sa buwis na naninirahan sa ibang bansa, para sa layunin ng pagtukoy sa laki at kita ng sambahayan ng aplikante. Ang mga umaasa na naninirahan sa ibang bansa ay karaniwang hindi karapat-dapat magpatala sa pagsasaklaw ng segurong pangkalusugan. Ang HealthCare.gov na aplikasyon ay humihingi ng address ng lahat ng umaasa sa buwis ngunit hindi tumatanggap ng mga dayuhang address. Maaaring ilagay ng mga mamimili ang address ng taong naghain ng buwis bilang kapalit ng address para sa mga umaasa sa buwis na nakatira sa ibang bansa.

8 **Maaari bang gamitin ang impormasyong ibinigay sa aplikasyon para sa pagpapatupad ng pang-imigrasyong sibil na mga layunin?**

Hindi. Ginagamit ng Medicaid, CHIP, at ng ACA na mga pamilihan ang U.S. Citizenship and Immigration Services' (USCIS) Systematic Alien Verification for Entitlements (SAVE) na programa para sa pagberipika ng pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon ng mga taong nag-a-aplay para sa pagsasaklaw. Gayunpaman, ang pagtutugma ng datos na ito ay para lamang sa layunin ng pagkumpirma na natutugunan ng mga aplikante ang kinakailangan sa katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan para makapagpatala sa isang programa ng abot-kayang seguro. Nagbigay ang USCIS ng gabay na ang nakuhang impormasyon tungkol sa mga aplikante o sambahayan para sa pagiging karapat-dapat sa segurong pangkalusugan ay hindi gagamitin para sa pagpapatupad ng pang-imigrasyong sibil na mga layunin?

BAHAGI II:
Pag-aaplay para sa mga premium na kredito sa buwis sa Federally-Facilitated Marketplace

9 **Sino ang kailangang magkumpleto ng remote na pagpapatunay ng pagkakakilanlan (i.e., pagbibigay-patunay ng ID) para magsumite ng aplikasyon sa HealthCare.gov?**

Ang Federally-Facilitated Marketplace (FFM) ay gumagamit ng HealthCare.gov upang iproseso ang mga aplikasyon para sa at pagpapatala ng mga karapat-dapat na aplikante sa pagsasaklaw sa kalusugan. Inaatasan ng HealthCare.gov ang taong itinalaga bilang kontak sa sambahayan sa aplikasyon (na dapat ay nasa hustong gulang) upang matagumpay na makumpleto ang ang pagpapatunay ng ID upang matiyak na sila ang sinasabi nilang sila bago nila magamit ang online na proseso ng pag-aplay para sa pagsasaklaw, pumili ng mga plano sa segurong pangkalusugan, mag-ulat ng mga pagbabago, o mag-renew ng pagsasaklaw.

10 **Bakit hindi makumpleto ng ilang tao ang proseso ng pagpapatunay ng ID sa HealthCare. gov?**

Ang Experian, ang entidad na nagbeberipika ng pagkakakilanlan para sa HealthCare.gov, ay

gumagawa ng mga personalized na tanong na dapat sagutin ng kontak sa sambahayan upang patunayan ang kanyang pagkakakilanlan sa aplikasyon. Ang Experian ay kadalasang hindi makakabuo ng sapat na bilang ng mga tanong para sa mga kontak sa sambahayan na may limitado o walang kasaysayan ng kredito. Saka, minsan nahihirapang sagutin ng mga tao ang mga tanong na nabuo ng Experian.gov?

11 Ano ang mangyayari kapag hindi makukumpleto ang pagpapatunay ng ID sa HealthCare.gov?

Kapag hindi makumpleto ng HealthCare.gov ang pagpapatunay ng ID proofing sa online, binibigyan nito ang mga kontak sa sambahayan ng natatanging reference code at inuutusan silang tumawag sa Experian Help Desk upang kumpletuhin ang pagpapatunay ng ID sa telepono. Para sa ilang tao, nilalaktawan ang hakbang na ito, at agad silang binibigyan ng pagkakataon sa screen na mag-upload ng mga dokumento na magagamit para sa pagberipika ng pagkakakilanlan ng taong kumukumpleto ng aplikasyon.

12 Ano ang mangyayari kapag hindi makumpleto ang pagpapatunay ng ID sa pamamagitan ng telepono gamit ang Experian?

Ang mga kontak sa sambahayan na hindi makakumpleto ng pagpapatunay ng ID sa telepono ay kailangang magsumite ng mga sumusuportang dokumento upang patunayan ang kanilang pagkakakilanlan kung gusto nilang magsumite ng aplikasyon online. Maaari silang mag-upload ng mga elektronikong bersyon ng mga dokumento sa kanilang mga HealthCare.gov account, o maaaring magpadala ng mga kopya sa:

Health Insurance Marketplace
Attn: Coverage Processing
465 Industrial Boulevard
London, KY 40750-0001

Nakalista sa Talahanayan 1 ang mga dokumentong maaaring magamit sa pagberipika ng pagkakakilanlan. Kapag nagpapadala ng mga kopya sa koreo, mahalagang isama ang natatanging reference ID na numero na ibinigay sa panahon ng online na proseso ng pagpapatunay ng ID para maitugma ang mga dokumento sa tamang account.

13 Paano kung ang mga tao ay walang anumang mga dokumento na nakalista upang makumpleto ang HealthCare.gov na proseso ng pagpapatunay ng ID?

Ang mga kontak sa sambahayan na walang anumang mga dokumentong kailangan para makumpleto ang proseso ng pagpapatunay ng ID ay hindi makakapagsumite ng aplikasyon online sa HealthCare.gov. Sa halip, maaari nilang kumpletuhin ang aplikasyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng kumpletong papel na form ng aplikasyon o maaaring mag-aplay sa telepono sa pakikipag-ugnayan sa call center ng HealthCare.gov sa 1-800-318-2596 (TTY: 1-855889-4325). Dapat nilang hilingin na makatanggap ng mga paunawa tungkol sa kanilang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo. Kung kwalipikado sila para sa pagsasaklaw sa ACA na pamilihan, kakailanganin nilang dumaan sa call center ng pamilihan upang pumili at magpatala sa isang plano. Upang suriin ang kanilang mga opsyon sa planong pangkalusugan bago magpatala, maaaring gamitin ng mga aplikante ang tool na "Tingnan ang mga plano" sa HealthCare.gov. Kapag nakapagpatala na, kakailanganin nilang mag-ulat ng anumang mga

pagbabago at kumpletuhin ang proseso ng pag-renew sa pamamagitan ng call center ng pamilihan.

14 Paano pinapatunayan ng HealthCare.gov ang pagkamamamayan?

Sa FFM, kapag pinatunayan ng mga aplikante ang pagiging mamamayan ng U.S. at nagbigay ng SSN, sinusuri ang kanilang impormasyon laban sa impormasyon sa mga rekord ng SSA upang beripikahin ang pagkamamamayan.

Ang SSA ay walang mga rekord ng pagkamamamayan para sa ilang mga mamamayan, kabilang ang marami na ipinanganak sa labas ng U.S. Kung ang pagkamamamayan ay hindi maberipika nang elektroniko sa pamamagitan ng SSA, ang mga aplikante ay tatanungin kung sila ay isang naturalized o derived na mamamayan. Ang ilang mga aplikante na naturalized o derived na mamamayan ay maaaring maberipika kaagad ang kanilang katayuan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga numerong makikita sa kanilang Certificate of Citizenship o Certificate of Naturalization na itutugma sa impormasyon sa programang SAVE.

Ang programang SAVE ay hindi kaagad makakapagberipika ng katayuan ng pagkamamamayan ng lahat ng derived at naturalized na mga mamamayan. Kapag nangyari ito, ang mga aplikante ay kailangang mag-upload ng patunay ng kanilang pagkamamamayan sa kanilang mga account sa HealthCare.gov (tingnan ang listahan ng katanggap-tanggap na patunay sa Talahanayan 2). Ang mga aplikante ay maaari ring magpadala ng mga kopya ng dokumento sa:

Health Insurance Marketplace
Attn: Coverage Processing
465 Industrial Boulevard
London, KY 40750-0001

Habang biniberipika ang kanilang pagkamamamayan, ang mga aplikanteng makakatugon sa lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado ay maaaring magpatala sa Medicaid, CHIP, o sa ACA na pamilihan ng plano sa panahon ng "makatwirang panahon ng pagkakataon (reasonable opportunity period)" o "panahon ng hindi pagkakapare-pareho (inconsistency period)."

15 Paano biniberipika ng HealthCare.gov ang katayuan ng imigrasyon

Sa FFM, ang lahat ng hindi mamamayang nag-a-aplay ng pagsasaklaw para sa kanilang sarili ay dapat magpatunay ng pagkakaroon ng "karapat-dapat na katayuan sa imigrasyon." Pagkatapos ay dapat silang pumili ng uri ng dokumento na gagamitin sa pagpapatunay ng kanilang katayuan sa imigrasyon. Hihilingin sa kanila na magbigay ng isa o dalawang numero mula sa kanilang dokumento. Gagamitin ng HealthCare.gov ang impormasyong ito upang subukang beripikahin kaagad ang kanilang katayuan sa imigrasyon sa pamamagitan ng programang SAVE.

Hindi kaagad mabeberipika ng programang SAVE ang katayuan ng lahat ng mga imigrante. Kapag nangyari ito, ang mga aplikante ay tuturuan na mag-upload ng patunay ng kanilang katayuan sa imigrasyon sa kanilang mga account sa HealthCare.gov (tingnan ang listahan ng katanggap-tanggap na patunay sa Talahanayan 3). Ang mga aplikante ay maaari ring magpadala ng mga kopya ng dokumento sa:

Health Insurance Marketplace
Attn: Coverage Processing
465 Industrial Boulevard
London, KY 40750-0001

Habang kinokolekta at pinapadala ng aplikante ang mga dokumento at tinatanggap at pinoproseso ng ahensya ang mga ito, ang aplikante ay maaaring magpatala sa Medicaid, CHIP, o isang plano sa ACA na pamilihan kung matutugunan nila ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa panahon ng "makatwirang panahon ng pagkakataon" o "panahon ng hindi pagkakapare-pareho."

Sa ilang mga kaso, ang SAVE system ay magsasagawa ng pangalawang hakbang sa pagberipika ng mga rekord na hindi naberipika kaagad habang kinukumpleto ng mga indibidwal ang aplikasyon. Bilang resulta ng pagkaantala na ito, hihilingin sa ilan na magbigay ng mga dokumento upang maberipika ang kanilang katayuan, at pagkatapos ay maaaring makatanggap ng paunawa sa lalong madaling panahon pagkatapos malutas ang isyu sa pagtutugma ng kanilang datos. Ang pinakamahusay na kasanayan ay magpadala ng mga dokumentong hiniling sa lalong madaling panahon dahil hindi malinaw kung kailan gagana ang ikalawang hakbang na ito sa elektronikong pagbeberipika.

16

Bakit ang ilang mga imigrante at karapat-dapat para sa mga subsidyo ay hindi kaagad makapagpatala sa pagsasaklaw na may tulong na subsidyo (subsidized coverage)?

Ang mga taong nandito ayon sa batas na may kita na napapaloob sa antas ng pagiging karapat-dapat sa Medicaid ngunit hindi karapat-dapat para sa Medicaid dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga premium na kredito sa buwis at pagbawas sa bahagi ng gastos kahit na ang kanilang kita ay mas mababa sa antas ng kahirapan (below the poverty line). (Sa pangkalahatan, ang mga tao ay dapat magkaroon ng kita ng sambahayan na hindi bababa sa 100 porsiyento ng antas ng kahirapan upang maging karapat-dapat para sa mga premium na kredito sa buwis at mga pagbawas sa bahagi ng gastos.) Gayunpaman, ang HealthCare.gov ay may mga limitasyon sa Sistema na maaaring magresulta sa maling pagpapasya ng pagiging karapat-dapat para sa ilan sa mga indibidwal na ito.

Kung mapapatunayan kaagad ng HealthCare.gov na ang isang tao ay narito ayon sa batas ngunit hindi karapat-dapat para sa Medicaid dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon, dapat matanggap ng aplikante ang tamang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat para sa mga subsidyo.

Kung hindi kaagad maberipika ng HealthCare.gov na ang katayuan sa imigrasyon ng tao ay dahilan ng pagiging hindi karapat-dapat para sa Medicaid, ang taong iyon ay makakatanggap ng maling pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa mga subsidyo. Ito ay dahil ipapalagay ng HealthCare.gov na ang tao ay karapat-dapat para sa Medicaid batay sa katayuan sa imigrasyon hanggang sa magbigay ang tao ng patunay ng kanyang katayuan sa imigrasyon, na nagpapakita na hindi siya karapat-dapat para sa Medicaid. Isa sa dalawang maling pagpapasya ang magaganap:

- **Maling pagtatasa o pagtukoy ng HealthCare.gov na karapat-dapat sila para sa Medicaid** kung lumalabas na natutugunan ng tao ang kita at iba pang naaangkop na

mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid.

- **Maling pagtukoy ng HealthCare.gov na hindi sila karapat-dapat para sa mga subsidyo sa pamilihan at siya ay itinuturing na parang siya ay nasa puwang sa panahon ng pagsasaklaw (coverage gap)**. Ito ay maaaring mangyari sa mga estado na hindi pinalawak ang Medicaid. Kung ang tao ay hindi nakakatugon sa kita ng Medicaid o iba pang naaangkop na kinakailangan at ang kanyang kita ay mas mababa sa antas ng kahirapan, ipinapalagay ng HealthCare.gov na ang tao ay nasa puwang sa panahon ng pagsasaklaw (coverage gap) at hindi ipinapadala ang kanyang file ng kaso sa Medicaid. Ang mga indibidwal na ito ay sinabihan na sila ay karapat-dapat lamang na bumili ng isang plano sa ACA na pamilihan sa buong halaga —nang walang mga subsidyo ngunit maaari silang maging kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad para sa pagsasaklaw ngunit dapat magbigay ng mga dokumento upang patunayan ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang aming video sa pagpapaliwanag sa Pagiging Karapat-dapat sa Subsidyo para sa mga Imigrante na Hindi Karapat-dapat sa Medicaid Dahil sa Kanilang Katayuan (Subsidy Eligibility for Immigrants Ineligible for Medicaid Due to Status).

17 Anong mga hakbang ang kailangang gawin upang makuha ang tamang pagpapasya para sa mga indibidwal na hindi wastong natasa o natukoy na karapat-dapat para sa Medicaid?

Dapat matukoy na hindi karapat-dapat ang mga tao para sa Medicaid batay sa kanilang katayuan sa imigrasyon bago nila makuha ang tamang pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa mga subsidyo sa ACA na pamilihan. Kapag hindi tama ang pagtatasa o pagtukoy ng HealthCare.gov sa mga indibidwal bilang karapat-dapat para sa Medicaid, ipapadala nito ang file ng kaso ng indibidwal sa ahensya ng Medicaid ng estado. Hihilingin ng ahensya ng Medicaid sa tao na magbigay ng patunay ng kanilang katayuan sa imigrasyon. Pagkatapos magbigay ang tao ng patunay at tinanggihan ng Medicaid batay sa katayuan sa imigrasyon, isasangguni siya pabalik sa HealthCare.gov at aatasan na i-update ang kanyang aplikasyon upang isaad na tinanggihan sila ng pagiging karapat-dapat para sa Medicaid batay sa katayuan ng imigrasyon.

Pagkatapos maisulat na ang isang tao sa aplikasyon ay tinanggihan ng Medicaid dahil sa katayuan sa imigrasyon, dapat silang makatanggap ng tamang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat para sa mga subsidyo.

18 Anong mga hakbang ang kailangang gawin upang makuha ang tamang pagpapasya para sa mga indibidwal na hindi wastong natukoy na hindi karapat-dapat para sa mga subsidyo at tratuhin na parang sila ay nasa puwang sa panahon ng pagsasaklaw (coverage gap)?

Ang mga aplikanteng ito ay dapat ding matukoy na hindi karapat-dapat para sa Medicaid batay sa kanilang katayuan sa imigrasyon bago nila makuha ang tamang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat para sa mga subsidyo sa ACA na pamilihan. Ang kanilang paunawa sa pagpapasya ng pagiging karapat-dapat ay magsasaad na hindi sila karapat-dapat para sa mga subsidyo at karapat-dapat para sa isang eksempsyon sa mga kinakailangan sa pagkakaroon

ng segurong pangkalusugan, at maaari silang maging kwalipikado sa mga subsidyo ngunit dapat silang magsumite ng mga dokumento upang patunayan ang kanilang katayuan sa imigrasyon upang magawa ang pagpapasya. Kapag natanggap at naproseso ng ACA na pamilihan ang mga dokumento, nagpapadala sila sa mga tao ng wastong paunawa sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat na kinabibilangan ng impormasyon sa pagiging karapat-dapat para sa mga subsidyo, pag-access sa isang espesyal na panahon ng pagpapatala, at mga tagubilin upang bumalik sa HealthCare.gov upang pumili ng isang plano.

19

Mayroon bang anumang mga alternatibong hakbang na maaaring gawin ng mga indibidwal upang makuha ang tamang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat?

Sa ilang mga kaso, ang mga tao ay maaaring tanggihan ng Medicaid nang mas mabilis dahil sa katayuan sa imigrasyon kapag direktang nag-aplay para sa Medicaid sa pamamagitan ng ahensya ng Medicaid ng estado. Kapag tinanggihan ang pagiging karapat-dapat sa Medicaid batay sa katayuan sa imigrasyon ng ahensya ng estado, maaaring bumalik ang mga tao sa HealthCare. gov at ipahiwatig na sila ay tinanggihan ng Medicaid dahil sa katayuan sa imigrasyon.

Mga talahanayan sa pagsangguni sa mga sumusunod na pahina

Talahanayan 1: Mga Dokumento upang Matugunan ang Kinakailangan sa Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan
ISA sa mga sumusunod:
Lisensya sa pagmamaneho (ibinigay ng estado o teritoryo)
Card ng pagpaparehistro ng botante
U.S. na pasaporte o card ng U.S. na pasaporte
U.S. military draft card o rekord
Card ng pagkakakilanlan sa paaralan
Sertipiko ng Naturalisasyon (Form N-550 o N-570) o Sertipiko ng Pagkamamamayan ng U.S. (Form N-560 o N-561)
Permanent Resident Card o Alien Registration Receipt Card (Form I-551)
Dokumento ng Awtorisasyon sa Pagtatrabaho na naglalaman ng larawan (Form I-766)
Card ng pagkakakilanlan na ibinigay ng pederal, estado, o lokal na pamahalaan
Dayuhang pasaporte, o card ng pagkakakilanlan na ibinigay ng isang dayuhang embahada o konsulado na naglalaman ng larawan
Card ng pagkakakilanlan bilang military dependent
Dokumento ng tribo ng pagiging Native American
Dokumento ng U.S. Coast Guard Merchant Mariner
o, DALAWA sa mga sumusunod:
Pampublikong rekord ng kapanganakan sa U.S.
Sertipiko ng kasal
Card ng pagkakakilanlan sa trabaho
Deed o titulo ng ari-arian
Card ng Social Security
Kautusan ng diborsyo
High school o college diploma (kabilang ang high school equivalency ng mga diploma)
Pinagmulan: healthcare.gov/help/how-to-verify-identity

Talahanayan 2: Mga Dokumento para sa Pagberipika ng Pagkamamamayan
U.S. na pasaporte (maaaring gamitin ang mga na-expire na U.S. na pasaporte para sa pagberipika ng pagkamamamayan ng U.S.)
Sertipiko ng Pagkamamamayan
Sertipiko ng Naturalisasyon
Pinahusay na lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng estado (kasalukuyang makukuha mula sa Michigan, Vermont, New York, at Washington)
Dokumento mula sa isang pederal na kinikilalang tribong Indian na kinabibilangan ng pangalan ng indibidwal, pangalan ng tribo, at pagiging miyembro, pagpapatala, o kaugnayan sa tribo
Ang mga indibidwal na walang isa sa mga dokumento sa itaas ay maaaring magbigay ng isang dokumento mula sa bawat isa sa mga listahan sa ibaba *(kabuuan ng dalawang dokumento)*
ISA sa mga sumusunod:
Pampublikong sertipiko ng kapanganakan sa U.S.
Ulat ng Konsulado ng Kapanganakan sa Ibang Bansa o Consular Report of Birth Abroad (FS-240, CRBA)
Sertipikasyon ng Ulat ng Kapanganakan (DS-1350)
Sertipikasyon ng Kapanganakan sa Ibang Bansa (FS-545)
Card ng Pagkakakilanlan bilang Mamamayan ng U.S. (I-197 o ang naunang bersyon, I-179)
Northern Mariana Card (I-873)
Huling desisyon sa pag-aampon na nagpapakita ng pangalan ng tao at lugar ng kapanganakan sa U.S.
Rekord ng Trabaho sa U.S. Civil Service na nagpapakita ng trabaho bago ang Hunyo 1, 1976
Rekord sa military na nagpapakita ng lugar ng kapanganakan sa U.S.
Medikal na rekord sa U.S. mula sa isang klinika, ospital, doktor, midwife, o institusyong nagpapakita ng lugar ng kapanganakan sa U.S.
Rekord ng seguro (insurance) sa buhay, kalusugan, o iba pang talaan na nagpapakita ng lugar ng kapanganakan sa U.S.
Pang-relihiyong rekord na nagpapakita ng lugar ng kapanganakan sa U.S. na nairekord sa U.S.
Tala ng paaralan na nagpapakita ng pangalan ng bata at lugar ng kapanganakan sa U.S.
Pang-pederal o pang-estadong census na rekord na nagpapakita ng pagkamamamayan ng US lugar ng kapanganakan sa U.S.
Dokumentasyon ng isang ampon na ipinanganak sa ibang bansa na nakatanggap ng awtomatikong pagkamamamayan ng U.S. (IR3 o IH3)
AT ISA sa mga sumusunod: *(na may larawan o iba pang impormasyon, katulad ng iyong pangalan, edad, lahi, taas, timbang, kulay ng mata, o address)*
Lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng isang estado o teritoryo o ID card na ibinigay ng pederal, estado, o lokal na pamahalaan
Card ng pagkakakilanlan sa paaralan
U.S. military card o draft record o card ng pagkakakilanlan bilang military dependent
Dokumento ng U.S. Coast Guard Merchant Mariner
Card ng pagpaparehistro ng botante
Isang klinika, doktor, ospital, o rekord ng paaralan, kabilang ang mga rekord ng preschool o day care (para sa mga batang wala pang 19 taong gulang)
pagkakakilanlan, tulad ng mga employer ID, mga diploma sa high school o kolehiyo, mga sertipiko ng kasal, mga utos ng diborsyo, mga gawa ng ari-arian, o mga titulo
Pinagmulan: healthcare.gov/help/how-do-i-resolve-an-inconsistency

Talahanayan 3: Mga Dokumento sa Pagberipika ng Katayuan sa Imigrasyon
Permanent Resident Card, "Green Card" (I-551)
Dokumento sa paglalakbay ng refugee (I-571)
Pansamantalang selyong I-551 (sa Pasaporte o I-94/I-94A)
Rekord ng Pagdating/Pag-alis (I-94/I-94A)
Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Mag-aaral na Hindi Imigrante (I-20)
Card ng Pahintulot sa Pagtatrabaho o Employment Authorization Card (I-766)
Sertipikasyon mula sa U.S. Department of Health and Human Services (HHS) Office of Refugee Resettlement (ORR)
Administrative order staying removal na ibinigay ng Department of Homeland Security
Liham ng pagiging karapat-dapat mula sa Office of Refugee Resettlement (kung wala pang 18)
Pahintulot sa Muling Pagpasok o Reentry Permit (I-327)
Nababasa ng makina na immigrant visa (na may pansamantalang I-551 na wika)
Dayuhang pasaporte (hindi dapat expired)
Rekord ng Pagdating/Pag-alis sa dayuhang pasaporte (I-94)
Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Exchange Visitor na Katayuan (DS-2019)
Paunawa ng Aksyon (I-797)
Dokumentong nagsasaad ng pagpigil sa pag-alis (o pagpigil sa pagpapatapon)
Dokumentong nagsasaad ng isang miyembro ng isang kinikilalang pederal na tribo ng India o American Indian na ipinanganak sa Canada
Card biling Residente ng American Samoa
Iba pang mga dokumento
Pinagmulan: healthcare.gov/help/how-do-i-resolve-an-inconsistency ; healthcare.gov/help/immigration-document-types *Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang* ***Reference Guide: Documents Used to Verify Immigration Status***